# Humihiling ng Kontrata para sa Mapag-isang Pag-aaral

Ang kontrata para sa Mapag-isang Pag-aaral ay para sa mga mag-aaral na naka-enroll sa komprehensibong elementarya o pangalawang paaralan na kusang loob na nag-enroll sa mapag-isang pag-aaral bilang isang opsyon sa edukayon, o panandiliang mapagunlakan ang mag-aaral na hindi makapasok ng personal.

Ang mga magulang/tagapag-alaga ay maaaring humiling ng kontrata para sa Mapag-isang Pag-aaral sa pamamagitan ng Portal para sa mga Magulang. Sa sandaling naisumite, susuriin ng paaralan ang hiling at iproseso ang nakasulat na kasunduan para aprubahan.

Ang pang huling nakasulat na kasunduan ay kailangan pirmahan ng elektroniko ng magulang/tagapag-alaga at ng mag-aaral para maging balido. Ang mga mag-aaral ay may option na magbigay ng pirma sa Portal ng mga Mag-aaral.

Para isumite ang hiling para sa kontrata ng Mapag-isang Pag-aaral, sundan ang mga sumusunod na tagubilin sa ibaba:

1. Pumasok sa inyong **parent portal account (Account ng Portal ng Magulang)** : https://powerschool.sandi.net

2. Pindutin ang **Form (Talaan)** sa kaliwa ng menu ng Nabigasyon.




3. Galing sa listahan ng mga Talaan, piliin ang **Independent Study Written Agreement (Nakasulat na Kasunduan sa Mapag-isang Pag-aaral)**



4. I-enter ang **Reason (Rason)** para sa hiling ng kontrata.

5. Piliin ang **Beginning (Panimula)** at **End Date (Petsa ng Pagtatapos)** para sa haba ng kontrata.

6. Pindutin ang **Submit (Isumite)** sa baba ng pahina.



Ang matagumpay na mensahe ay nagsasabi na ang inyong hiling ay naisumite na sa paaralan.




**MAHALAGA!** Suriin ng dalawang beses na ang lahat ng pagbabago na inyong ginawa sa talaan ay lumabas. Kung ang mga guro o tagapangasiwa ay nagtatrabaho sa talaan ng sabay may posibilidad na ang mga pagbabago ay mawala at kailangan gawin ulit.

# Pagpirma sa Panghuling Kasunduan

Pagkatapos suriin ng kasunduan ng paaralan, ang mga pamilya ay aabisuhan na ang kasunduan ay handa nang pirmahan. Ang mag-aaral at ang magulang/(mga) tagapag-alaga ay kailangan pumirma sa huling kasunduan.

Para pirmahan ang huling nakasulat na kasunduan, bisitahin ang Portal ng Magulang o Mag-aaral at gawin ang mga sumusunod:

1. Pumasok sa inyong **parent portal account (Account ng Portal ng Magulang)**: https://powerschool.sandi.net

2. Pindutin ang **Forms (Mga Talaan)** sa kaliwang bahagi ng menu ng Nabigasyon.




3. Galing sa listahan ng mga Talaan, piliin ang **Independent Study Written Agreement (Nakasulat na Kasunduan sa Mapag-isang Pag-aaral)**




**4.** Pumunta sa ibaba ng talaan at i-enter ang inyong **Signature (Pirma)** at **Signature Date (Petsa ng Pirma)** sa nararapat na mga lugar. Pindutin ang **Submit (Isumite).**




Ang matagumpay na mensahe ay nagsasabi na ang inyong hiling ay naisumite na sa paaralan.

**MAHALAGA!** Suriin ng dalawang beses na ang lahat ng pagbabago na inyong ginawa sa talaan ay lumabas. Kung ang mga guro o tagapangasiwa ay nagtatrabaho sa talaan ng sabay may posibilidad na ang mga pagbabago ay mawala at kailangan gawin ulit.